BABALA SA SEGURIDAD

Milyun-milyon ang Naghihintay na Maipamahagi

Talagang mukhang kakaiba ito. Tumanggap ka ng email mula sa isang tao na nagsasabing isa siyang kilalang tao sa ibang bansa. Maaaring sabihin nila na sila ay tagapamahala ng isang malaking bangko, o maaaring opisyal sa gobyerno. Maaari rin nilang sabihin na sila ay asawa ng isang napatalsik na dictator. Habang ang mga detalye ay iba-iba ang simpleng mensahe ay ito: may isang lugar sa bansang ito na may isang malaking halaga ng pera na naghihintay na maipamahagi.

Ang tagapamahala, opisyal o asawa ang tanging tao na nakakaalam ng perang ito – kadalasan ay milyun-milyong dolyar. Gayunman, sa iba't-ibang kadahilanan ay hindi niya ito ma-access mag-isa. Ang kinakailangan ay isang disente, mapagkakatiwalaang tao na handang magbigay ng impormasyon gaya ng kanilang pangalan, address, numero ng passport at impormasyon sa bank account. Sa sandaling matanggap ang impormasyong ito, mangangako ang tao na kanyang idedeposito ang buong halaga sa iyong account sa bangko at aayusin ang paghahati ng pera sa pagitan ninyong dalawa. Ang iyong iminungkahing parte sa deal na ito ay maaaring mula sa 25 hanggang 50 porsiyento.

Maaaring may tseke na mukhang opisyal ang darating at ibibilin sa iyong magpadala ng parte pabalik sa iyong kasosyo sa negosyo sa pamamagitan ng serbisyo sa pagpapadala ng pera. O maaaring ikaw ay maligalig sa mga "Advance na Bayad" para sa mga abugado o facilitator. Pinakamalamang, malalaman mong ang iyong account sa bangko ay nasimutan ng pondo o ang iyong pagkakakilanlan ay nanakaw.

Ang mga scam na gaya nito ay sa pinakamabuti ay mapanlinlang at sa pinakamalala ay kriminal. Ngunit mahalagang tandaan na ang mga scam artist ay maaaring maging napakamaparaan at kapani-paniwala. Ang mga consumer ay napapaniwala na ang mga ito ay mga lehitimong transaksiyon. Ang mga ito, siyempre ay, isa pang halimbawa ng panlilinlang sa consumer.

Ang "Nigeria scam"

Madalas na tinatawag na "Nigeria" scam - sapagkat sinasabi ng mga scam artist na nakatira sila doon - ang scam na ito sa katunayan ay ginagawa ng mga mapanlinlang na tao mula sa buong mundo. Ang mahalagang bagay na dapat tandaan ay walang kahit anong bagay na libreng pera. Kung ang mga deal na gaya nito ay lehitimo, hindi kakailanganin ng tao na makipag-usap sa isang hindi kilalang tao sa Internet. Tiyak na libu-libong tao ang pipila para sa pagkakataong makasali.

Kung ikaw ay kinontak na may kasamang hindi hinihinging "pagkakataon" na pinansiyal, mainam na tandaan ang mga sumusunod na tip:

1. Alamin kung sino ang iyong kinakausap. Mag-ingat ng husto kapag nilapitan ng hindi kilalang tao na may pagkakataon na "minsan lang sa tanang buhay".

2. Huwag magbigay ng lihim na impormasyon na gaya ng iyong social security, credit card o mga numero ng account sa bangko sa sinumang tao na walang kaugnayan sa isang lehitimong negosyo.

BABALA SA SEGURIDAD

3. Mag-ingat sa anumang “pagkakataong mamuhunan” na kakailanganin kang magpadala muna ng pera sa pamamagitan ng money transfer.

4. kung naniniwala kang ang paghingi ng pera ay mapanlinlang, kontakin ang tanggapan ng Attorney General ng iyong estado o lokal na U.S. Secret Service Office.

5. Gaya ng dati, tandaan na kung ang isang alok ay lubhang napakaganda na parang hindi na totoo,, malamang na ganoon nga ito.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang mga consumer na gumagamit ng aming mga serbisyo at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kapag nalamangan ang mga consumer sa pagiging mga biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer.

# # #

# # #

ALLARME SICUREZZA

Western Union affronta con la massima serietà il problema delle truffe perpetrate ai danni dei propri clienti: attribuiamo grande importanza agli utenti dei nostri servizi e sappiamo che i loro soldi sono stati duramente guadagnati. Quando i nostri clienti diventano vittime di truffe, ci sentiamo danneggiati anche noi: ecco perché ci stiamo impegnando al fine di aumentare la consapevolezza in merito ai vari tipi di frodi.